Biopsy

A biopsy is the removal of pieces of tissue, which are then sent to a lab for testing. A biopsy is most often used to find cancer. Any part of the body, such as the skin, an organ or a lump can be tested. An x-ray, CT scan or ultrasound may be done to locate the biopsy site. A biopsy may be done during surgery. Your doctor will review the results of your biopsy with you at your next visit and talk to you about treatment if needed.

If you have any allergies to medicines, foods or other things, tell the staff before the test.

If you are pregnant or think you might be, tell the staff before the test.

Arrive on time for your test. You may be told to arrive 30 minutes before your appointment time. A simple biopsy takes about 15 minutes. It may take longer if several biopsies or x-rays are needed.

To Prepare

- Do not take aspirin or ibuprofen for one week before the biopsy.
- Check with your doctor about taking your prescription medicines.

During the Test

- You will lie on a table and may wear a hospital gown.
- An x-ray, CT scan or ultrasound may be done to locate the biopsy site.
- The site is cleaned.

Biyopsia

Ang biyopsiya ay ang pagtanggal ng kapirasong himaymay ng katawan, na ipinapadala sa laboratoryo para sa pagsusuri. Kadalasang ginagamit ang biyopsiya upang tuklasin ang kanser. Anumang bahagi ng katawan, kagaya ng balat, o panloob na bahagi ng katawan o bukol ay maaaring suriin. Maaaring isagawa ang x-ray, CT scan o ultrasound upang hanapin ang bahagi kung saan gagawin ang biyopsiya. Maaaring gawin ang biyopsiya habang isinasagawa ang pag-opera. Rerepasuhin ninyo ng inyong doktor ang mga resulta ng biyopsiya sa susunod na pagbisita at tatalakayin sa inyo ang pag-gamot kung kinakailangan.

Kung mayroon kayong anumang taluhiyang (allergies) sa mga gamot, pagkain o iba pang mga bagay, sabihin sa mga kawani bago ang pagsusuri.

Kung kayo ay nagdadalang-tao o nagsususpetsa na kayo ay maaaring nagdadalang-tao, sabihin sa mga kawani bago ang pagsusuri.

Pumunta sa tamang oras para sa inyong pagsusuri. Maaaring ibilin sa inyo na dumating ng 30 minuto bago ang takdang oras ng inyong pakikipagtipan. Ang simpleng biyopsiya ay magtatagal ng humigit-kumulang 15 minuto. Maaaring mas matagal kung kinakailangan ang higit sa isang biyopsiya o x-ray.

Upang Makapaghanda

- Huwag uminom ng aspirin o ibuprofen nang isang linggo bago ang biyopsiya.
- Kumunsulta sa inyong doktor tungkol sa pag-inom ng inyong mga resetang gamot.

Habang Isinasagawa ang Pagsusuri

- Hihiga kayo sa isang lamesa at maaaring magsuot ng baro ng ospital.
- Maaaring isagawa ang x-ray, CT scan o ultrasound upang hanapin ang bahagi kung saan gagawin ang biyopsiya.
- Lilinisin ang bahaging ito.

- Numbing medicine is put into the skin. This may sting.
- When the site is numb, a small needle is put into the area to be tested. Tissues and cells are removed. In some cases a small incision is made so that tissue or a lump can be removed and tested.
- If you feel any discomfort, tell the doctor.
- The needle is then removed.
- Pressure is applied, then a small bandage. If an incision was made, stitches may be placed to close the incision.

After the Test

- You may have bruising, discomfort or swelling at the biopsy site.
- If needed, use over the counter pain medicine that does not contain aspirin.
- Apply an ice pack to the site as needed to reduce swelling and bruising. Do not apply ice directly to the skin. Apply ice for 20 minutes and then take the ice off for at least 30 minutes.
- Avoid strenuous activity and lifting over 5 pounds for 24 hours. You may resume normal activities unless otherwise instructed.
- Test results are sent to your doctor. Your doctor will share the results with you.

Call your doctor if you have:

- Bleeding, drainage, increased swelling, redness or warmth at the site
- Pain not relieved by over the counter pain medicine

Talk to the staff if you have any questions or concerns.

8/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.

- Maglalagay ng pampamanhid na gamot sa balat. Maaaring sumakit ito nang pansamantala.
- Kapag namanhid na ang bahaging ito ng katawan, may maliit na karayom na ilalagay sa bahaging susuriin. Tatanggalin ang mga himaymay at mga selula. Sa ilang mga kaso gagawa ng maliit na hiwa upang matanggal ang himaymay o bukol at masuri ito.
- Kung makaramdam kayo ng bahagyang kawalang-ginhawa, sabihin sa doktor.
- Pagkatapos ay tatanggalin ang karayom.
- Lalapatan ng puwersa ang bahaging ito pagkatapos ay lalagyan ng maliit na benda. Kung may ginawang hiwa, maaaring tahiin ito upang isara ang hiwa.

Pagkatapos ng Pagsusuri

- Maaaring magkaroon kayo ng pagpapasa, kawalang-ginhawa o pamamaga sa bahagi kung saan isinagawa ang biyopsiya.
- Kung kinakailangan, gumamit ng mga gamot na walang lamang aspirin na pantanggal ng sakit at nabibili nang walang reseta.
- Dampian ng yelong binalot sa kapirasong tela ang bahagi kung kinakailangan upang mabawasan ang pamamaga at pagpapasa. Huwag idadampi ang mismong yelo sa balat. Dampian ng yelong binalot sa kapirasong tela nang 20 minuto at pagkatapos ay tanggalin ang yelo nang hindi bababa sa 30 minuto.
- Iwasan ang nakakapagod na mga gawain at pagbubuhat ng higit sa 5 libra (pounds) sa loob ng 24 na oras. Maaari ninyong gawin muli ang mga karaniwang gawain maliban kung ipinagbawal ito.
- Ipapadala ang mga resulta ng pagsusuri sa inyong doktor. Ibabahagi sa inyo ng inyong doktor ang mga resulta.

Tawagan ang inyong doktor kung mayroon kayong:

- Pagdurugo, paglabas ng nana, lumulubhang pamamaga, pamumula o pag-iinit sa bahagi
- Sakit na hindi naiibsan ng gamot na nabibili nang walang reseta

Kausapin ang mga kawani kung mayroon kayong mga katanungan o pag-aalala.

8/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center, and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at **www.healthinfotranslations.org**.